

PARA KAY: KGG. KRIS FAAFOI, MINISTRO NG IMIGRASYON

Tēnā Koe Ministro

Ang papanaw namin sa imigrasyon ay isang sistemang nagtataguyod sa dignidad at pagkatao ng mga imigrante. Inirerespeto ang mga imigrante bilang malugod na tinatanggap na mga miyembro ng aming mga komunidad, hindi kabawasan sa yunit pang-ekonomiya.

Ang mga komunidad ng imigrante ay umuunlad sa Aotearoa, dahil pumupunta ang mga tao mula sa iba't ibang panig ng mundo upang bumuo ng magandang buhay para sa kanila at sa kanilang mga pamilya. Karapat-dapat na igalang ang dignidad, karapatan, at pagkatao ng mga imigrante ng Imigrasyon ng NZ at ng ating Pamahalaan.

Ngunit sa Aotearoa New Zealand, mayroon tayong sistema sa imigrasyon na nangingilala at naghihiwalay, tinatrato ang mga imigranteng manggagawa bilang mababa uri ng lakas-paggawa at pangalawang uri ng mga mamamayan. Ang mga imigranteng may hawak ng mga pansamantalang visa ay walang malinaw na mga landas tungo sa paninirahan, naiiwang umaasa sa mga tusong amo, at inihhiwalay mula sa kanilang mga pamilya at mahal sa buhay sa pamamagitan ng mga tuntunin na nangingilala sa kayamanan, nasyonalidad at mga ugnayan.

Mayroon kaming plano para simulan ang pagsasaayos sa ating sirang sistema ng imigrasyon.

Tinatawagan ka namin upang:

1 Gumawa ng mga landas tungo sa paninirahan

Dapat tiyakin ng pamahalaan na mayroong malinaw at makakamit na mga landas para sa lahat ng mga imigrante upang makamit ang paninirahan, kabilang ang malinaw at tapat na komunikasyon sa may hawak ng mga pansamantalang visa upang payagan ang kanilang paglipat tungo sa permanenteng paninirahan.

Gamitin ang mga kapangyarihang ipinagkaloob ng batas upang payagan ang mga imigranteng narito na na makapanirahan.

Ang malawak na pagsasaayos ng pamamaraang ito sa visa ay nagpapakilala ng mga pangunahing oportunidad upang matugunan ang mga isyu sa muling pagsasama-sama ng pamilya, mga kahinaan sa pagsasamantala sa imigrante, at mga hadlang upang makakuha ng permanenteng paninirahan na kinakaharap ng mga taong may kapansanan at mga kondisyon sa kalusugan.

2 Lumikha ng malawak na programa para sa amnestiya ng mga lumampas ang pananatili

Sa pamamagitan ng pagkaloob ng paninirahan sa mga lumampas ang pananatili, ang isang malawak na programa para sa amnestiya ang maninindigan para sa kanilang moral, kikilalanin ang kanilang kontribusyon sa Aotearoa, at titiyaking hindi mananatiling mahina ang mga tao laban sa pagsasamantala.

Sa pamamagitan din ng paglikha ng mga landas tungo sa paninirahan, kailangan din nating alisin ang mga kondisyon kung saan ito ang dahilan kung bakit lumalampas ang kanilang pananatili.

3 Ihiwalay ang mga visa sa trabaho mula sa nag-iisang amo

Ang mga imigranteng manggagawang ay dapat magkaroon ng ganap na mga karapatan sa paggawa, kabilang ang karapatang lumipat ng mga amo upang mahanap ang karampatang pasahod o mas mabuting kondisyon sa pagtatrabaho nang hindi nanganganib ang kanilang visa.

4**Hilingin sa Immigration New Zealand na ihinto ang mga pagkaantala sa pagproseso ng visa**

Ang Immigration New Zealand ay dapat patakbuhin sa paraang hindi pabagu-bago, maagap, malinaw at patas. Kabilang doon ang paghinto sa pagkaantala sa pagproseso ng visa, at pagbibigay ng mapagkukunan sa Immigration New Zealand para gawin iyon.

5**Alisin ang pamantayan sa sinasahod para sa kategorya ng imigranteng may kasanayan at kategorya ng mga visa upang makasamang muli ang magulang**

Dapat tiyakin ng Imigrasyon ng New Zealand na ang mga dayuhan ay hindi ibinubukod ng mga hindi makatuwirang panimulang pasuweldo, at dapat na madali para sa mga magulang at pamilya na makamit ang paninirahan sa Aotearoa New Zealand.

6**Suriin ang mga partnership visa upang matiyak na akma ang mga ito sa kultura**

Dapat kilalanin ng Immigration New Zealand ang mas malawak na saklaw ng mga ugnayan kapag tinutukoy ang pagiging karapat-dapat para sa partnership visa, kabilang ang mga napagkasunduang pagpapakasal, mga kaduda-dudang mga ugnayan, at iba pang mga hindi tradisyonal na ugnayan o hindi karaniwan sa mga kulturang Kanluranin.

Ang mga imigranteng mula sa mga bansang kinakailangan ang visa ay dapat magkaroon ng parehong pamantayan kagaya ng mga imigranteng mula sa mga bansang hindi nangangailangan ang visa. Ang mas mahihigpit na panuntunan para sa mga bansang kinakailangan ang visa ay nangingilala batay sa nasyonalidad.

Kailangang tumugon ang Imigrasyon ng New Zealand sa mga karanasan ng mga etnikong komunidad upang labanan ang pagtatangi, at paunlarin ang patas, mahabagin, at mabisang proseso ng imigrasyon at paninirahan ng mga imigrante.

7**Ipasa ang mga mapagkukunan sa hapu, iwi at whānau upang iugnay ang mga imigrante at mga lokal na pamayanan**

Kilalanin ang soberanya ng mga iwi, hapū, at whānau na pinagtibay sa Te Tiriti, at bigyan ng sapat na mapagkukunan ang iwi, hapū, at whānau upang suportahan ang mga imigrante sa loob ng kanilang mga komunidad.

Dapat makipagtulungan ang Ministeryo ng Imigrasyon sa tangata whenua upang matukoy kung paano maaaring makipagtulungan ang Crown sa Māori sa mga desisyon sa imigrasyon at repasuhin bilang prosesong nakabatay sa Te Tiriti.

Ngā mihi nui



Ricardo Menéndez March Teanau Tuiono

Green Party spokespeople for Immigration and Pacific Peoples

